



## MENSAHE NG SUPERINTENDENTE

---

**Marso 26, 2021**

Sana ay nagkaroon ng magandang linggo ang lahat ng nasa komunidad ng ating distrito ng paaralan. Gusto ko sanang magbahagi ng ilang mahahalagang update sa ating mga pamilya, kawani, mag-aaral, at komunidad.

Sa ibaba, makakakita kayo ng impormasyon sa aming mga plano sa muling pagbubukas at ilang mahahalagang petsa na dapat tandaan. Makakakita rin kayo ng mga update tungkol sa mga spring assessment, mga pagkilala at highlight, at ilang paparating na event na maaaring maging interesado ka.

Tulad ng dati, salamat sa inyong suporta sa Banning Unified School District at sa mga mag-aaral na pinaglilingkuran namin!

### **MGA PLANO SA MULING PAGBUBUKAS**

Tulad ng nauna naming ibinahagi, bagama't nagbibigay ang Assembly Bill 86 ng ilang insentibo para muling magbukas ang mga paaralan, hindi kami naniniwala na ang mga pinansyal na benipisyo ay karapat-dapat sa panganib na madaliin ang aming mga plano sa muling pagbubukas.

Sa kadahilanang iyon, patuloy kaming tumutuon sa aming pagpapalano na unti-unting taasan ang antas ng in-person na pagtuturo na ibinibigay namin sa mga mag-aaral ngayong summer at patungo sa fall. Sa paggamit ng pamamaraang ito, makakatulong kami na matiyak na mapropektahan namin ang kaligtasan ng aming mga mag-aaral, makakapagpanatili ng mahusay na disiplina sa pananalapi, at makakapaghatid ng mataas na antas ng kalidad sa aming mga programang pang-edukasyon.

Nakatanggap ang Banning ng Kaloob para sa mga Pinalawig na Oportunidad sa Pag-aaral (Expanded Learning Opportunities Grant) para mapabilis ang pag-aaral at maglaan ng atensyon sa mga pangangailangan ng mag-aaral. Pahihintulutan din kami ng kaloob na ito na magbigay ng mga pinalawig na oportunidad sa pag-aaral, propesyonal na pag-unlad, at iba pang aktibidad para suportahan ang in-person na pagtuturo sa hinaharap.

Nasa ibaba ang ilan sa mahahalagang update at petsa na dapat tandaan sa loob ng susunod na ilang buwan:

- Ngayong summer, mag-aalok kami ng mga oportunidad para sa mga mag-aaral sa baitang K-8 upang maibsan ang pagkawala ng pagkatuto dahil sa pandemya. Magbibigay din kami ng mga opsyon para sa pagbawi ng credit para sa mga mag-aaral sa baitang 9-11. Mangyayari ang mga programang ito mula Hunyo 22 hanggang Hulyo 30, 2021.
- Papalawigin namin ang akademikong taon para sa aming mga mag-aaral sa espesyal na edukasyon, na makakadalo sa mga in-person na programa mula Hunyo 22 hanggang Hulyo 19. Magkakaroon din ng Special Education Intensive Intervention na programa para sa pagbabalik ng pagkawala ng pagkatuto mula Hulyo 20-30.

- Muli naming bubuksan ang aming mga paaralan para sa in-person na pag-aaral, na may mga opsyon para sa isang hybrid na virtual na modelo ng pagtuturo, sa Agosto 12. Mamarkahan nito ang pagsisimula ng akademikong taon 2021-22.
- Ang aming araw ng pagbubukas, propesyonal na pag-unlad, at ang mga araw ng paghahanda ng guro bago ang simula ng susunod na akademikong taon ay mangyayari sa Agosto 9-11.

## MGA SPRING ASSESSMENT

Maaaring magmukhang medyo naiiba ang mga spring assessment ngayong taon para sa mga mag-aaral sa baitang 3-8 at 11. Ginawa ng Lupon ng Edukasyon ng Estado ng California ang unang hakbang tungo sa pagbibigay sa mga distrito ng opsyon na gamitin ang mga pambuong estadong assessment **Q** pinili ng distrito na mga assessment para sa akademikong taon 2020-21. Ito ay isang pambansang isyu, at ipinapahayag ng mga tagasuporta ng pampublikong edukasyon sa buong bansa ang kanilang mga alalahanin sa Kagawaran ng Edukasyon ng U.S.

Kung ang inyong mag-aaral ay nasa baitang 3-8 o 11, matatanggap ninyo ang kanilang mga resulta batay sa aming pinili ng distrito na mga assessment sa matematika at sa mga sining ng wikang Ingles.

Bagama't mahalaga ang mga spring assessment, kinakatawan ng mga ito ang isa paraan lang para sukatin ang pag-unlad at pagkatuto ng mag-aaral. Hindi sinadya ang mga ito para ilahad ang buong kwento ng pagkatuto ng mag-aaral, ngunit kapag isinama sa iba pang salik tulad ng mga grado sa report card at input ng guro, ang mga ito ay nagbibigay sa mga pamilya ng mas kumpletong larawan ng performance ng kanilang anak. Nagbibigay-daan ito sa inyo, sa isang magulang o tagapag-alaga, na makipagtulungan sa mga guro upang mapabilis ang pagkamit ng mag-aaral.

## MGA PAGKILALA

Pagbati sa aming mga mambabasa sa myOn! Ang mga mag-aaral sa baitang TK-5 ay may access sa myON, isang digital resource na nagbibigay ng personalisadong pagsasanay sa pagbabasa. Na-enjoy ng aming mga mag-aaral ang pagbabasa ng mahigit sa 380,000 minuto at mahigit sa 13,000 aklat.

- Ang mga mambabasa sa myOn ng Hemmerling ay nagbasa ng 870 aklat.
- Ang mga mambabasa sa myOn ng Central ay nagbasa ng 782 aklat.
- Ang mga mambabasa sa myOn ng Cabarzon ay nagbasa ng 532 aklat.

Ang Nangungunang 5 Indibidwal na Mag-aaral na Mambabasa sa myOn sa lahat ng paaralan sa Banning Unified School District ngayong linggo ay sina:

1. Si Jacoby Yang na nasa unang baitang sa Central Elementary, na nakapagbasa ng 130 aklat
2. Si Andy Nuñez na nasa ikalawang baitang sa Hemmerling, na nakapagbasa ng 70 aklat
3. Si Charlotte Ramirez na nasa ikatlong baitang sa Hemmerling, na nakapagbasa ng 66 aklat
4. Si Cylah Salazar na nasa ika-4 na baitang sa Hemmerling, na nakapagbasa ng 61 aklat
5. Si Alea Jasmin Ballain na nasa ika-5 baitang sa Hemmerling, na nakapagbasa ng 51 aklat

Pagbati sa mga nangungunang mambabasa sa myOn ng ating distrito para sa linggong ito!

Bawat linggo, daan-daang mag-aaral ang lumalahok sa ating mga libreng enrichment class para sa mga mag-aaral sa elementarya at middle school. Napakagandang makita ang mga mag-aaral na maging abala sa sining at teatro sa hapon!

Patuloy kaming nasasabik sa antas ng pagtuturo at pag-aaral na nangyayari, sa kabila ng pandemya. Patuloy na nagsisikap ang mga guro at kawani upang matiyak na natutugunan ang mga instruksiyonal at

sosyo-emosyonal na pangangailangan ng aming mga mag-aaral. Salamat sa aming mga kawani sa pagsasakatuparan na mangyari ang lahat ng ito sa mga napakamapaghamong panahon na ito!

## **MGA PAPARATING NA EVENT**

### **Mga Virtual na Book Study Session ng Superintendente**

Kung interesado kayong sumali sa susunod na virtual na book study session ng superintendente, makipag-ugnayan kay Febe Lorio sa [florio@banning.k12.ca.us](mailto:florio@banning.k12.ca.us) o 951-492-8819. Magpapadala siya sa inyo ng libreng aklat sa susunod na buwan para sa ating mga session sa Mayo. Babasahin natin ang *Coherence: The Right Drivers in Action for Schools, Districts, and Systems*, ng mga kilalang tagapagsaliksik na sina Michael Fullan at Joanne Quinn.

Sa ating huling book study session, binasa natin ang *Learned Optimism: How to change your mind and your life*, ni

Martin P. Seligman, M.D.

### **Mga Virtual na Study Session ng Lupon para sa mga Pasilidad**

*Sabado, Marso 27, 9:00 ng umaga hanggang 12:00 ng tanghali*

Tatalakayin ng lupon ang pagtugon sa ating mga pangangailangang pangkalusugan at pangkaligtasan para sa mga de-kalidad na espasyo sa pag-aaral sa buong distrito. Ito ang una sa maraming session kung saan tatalakayin at ibabalangkas natin ang mga yugto ng modernisasyon upang ang aming mga kawani at mag-aaral ay nasa mga de-kalidad na espasyo sa pagtatrabaho at pag-aaral na may malinis na hangin, mga de-kalidad na pinagmumulan ng tubig, at ligtas na imprastruktura.

### **Regular na Pulong ng Lupon (Virtual)**

*Miyerkules, Marso 31, 4:30 ng hapon*

### **Serye sa Kaligtasan, Kalusugang Pangkaisipan, at Kabutihan: Kalungkutan at Anxiety**

*Martes, Abril 20 sa ganap na 2:00 ng hapon*

[Matuto pa](#)

### **From the Heart Performing Arts**

*Tuwing Lunes at Miyerkules*

[Tingnan ang flyer para sa higit pang impormasyon](#)

### **Virtual na Pagdiriwang ng Pagreretiro para sa mga Kawani ng Banning**

*Tentatibong petsa: Biyernes, Mayo 14, 4:30-6:00 ng hapon*

***"Palaging maging primera klaseng bersyon ng sarili mo, sa halip na segunda klaseng bersyon ng ibang tao."***

— Judy Garland